grace changes everything.

# Muling Binuhay ni Jesus ang Anak ng Biyuda



## WARM-UP

- Nakatanggap ka na ba ng isang bagay na hindi mo inaasahan? Ano ang naging reaksyon mo?
- Nawalan ka na ba ng isang bagay na napakahalaga sa iyo? Ano ang naramdaman mo?
- May nakakita na ba sa iyo na umiiyak, at sinabihan kang tumigil sa pag-iyak? Ikuwento kung ano ang nangyari.

## WORD

15 *Umupo ang patay at nagsalita. At ibinigay siya ni Jesus*
*sa kanyang ina.* 16 *Kinilabutan ang mga tao at nagpuri*
*sila sa Diyos. Sinabi nila, "Inalala tayo ng Diyos. Isinugo*
*niya sa atin ang isang dakilang propeta."* 17 *At kumalat sa*
*buong Judea at sa lahat ng lugar sa palibot nito ang balita*
*tungkol kay Jesus.* **LUCAS 7:15–17**

(Basahin din ang **LUCAS 7:11–17.**)

Minsan, humaharap tayo sa mga mahirap na sitwasyon na tila imposibleng pagtagumpayan. Umiiyak tayo at pakiramdam natin ay wala nang pag-asa. Subalit pinatunayan ni Jesus sa kuwentong ito na walang sitwasyon na hindi kayang abutin ng Kanyang awa at kakayahan. Ngayon, titignan natin kung paano binaligtad ni Jesus ang walang pag-asang sitwasyon ng isang biyuda sa pamamagitan ng pagbuhay sa kanyang patay na anak.

## 1 Ang biyuda ay nasa sitwasyong tila wala nang pag-asa.

*Nang malapit na sila sa pintuan ng bayan ng Nain, nakasalubong nila ang libing ng kaisa-isang anak ng isang biyuda. Marami ang nakikipaglibing.* **LUCAS 7:12**

Noong unang panahon sa kultura ng mga Judio, walang kakayahan ang mga babae na tustusan ang sarili nilang pangangailangan. Umaasa sila sa kanilang mga asawa at anak. Ang isang biyuda na nawalan ng nag-iisang anak ay hindi lamang nawalan ng mahal sa buhay kundi ng ikinabubuhay. Ang labis na pagdadalamhating ito sa kanyang sitwasyon ay nagpapakita ng matinding kawalan ng pag-asa. Sa kabila nito, makikita natin na kayang baligtarin ni Jesus ang sitwasyon—maging ang sarili nating mga imposibleng sitwasyon. May kinaharap ka na ba na katulad ng sitwasyong ito? Ayon sa Mga Salmo 42:11, kanino tayo dapat magtiwala?

---

---

## 2 Si Jesus ay nagpakita ng pagkahabag at nagbigay ng pag-asa sa biyuda.

*[13]Nahabag ang Panginoon sa biyuda nang makita niya ito. Sinabi niya sa biyuda, “Huwag kang umiyak.” [14]Nilapitan ni Jesus at hinawakan ang kinalalagyan ng patay upang tumigil ang mga nagdadala nito. Sinabi ni Jesus, “Binata, bumangon ka!” [15]Umupo ang patay at nagsalita. At ibinigay siya ni Jesus sa kanyang ina.*
**LUCAS 7:13–15**

Nang makita Niya ang biyuda, tumigil si Jesus at nagpakita ng labis na pagkahabag sa kanya. Kahit hindi ito hiniling ng biyuda, binuhay Niya ang namatay nitong anak na agad namang bumago ng kanyang sitwasyon na tila wala nang pag-asa, at ginawa itong isang dakilang patotoo. Gaya ng nangyari sa biyuda, ang masasakit na nangyari sa buhay natin ay maaaring maging isang makapangyarihang patotoo sa pamamagitan ng Kanyang kakayahan.

Ano ang sinasabi sa Mga Salmo 103:13 tungkol sa Diyos? Paano Niya ipinakita ang kakayahan at awa Niya sa buhay mo sa gitna ng mga paghihirap at pagsubok?

## 3 Ang madla ay nagbigay-puri sa Diyos at nagkuwento sa iba tungkol sa ginawa Niya.

*[16]Kinilabutan ang mga tao at nagpuri sila sa Diyos. Sinabi nila, "Inalala tayo ng Diyos. Isinugo niya sa atin ang isang dakilang propeta." [17]At kumalat sa buong Judea at sa lahat ng lugar sa palibot nito ang balita tungkol kay Jesus.* **LUCAS 7:16,17**

Nang makita ang ginawa ni Jesus, ang madla ay nagsimulang magbigay ng papuri sa Diyos. Ito ay isang himala na hindi nila inaasahang mangyari at makita. Sa tuwing nakakaranas tayo ng katagumpayan sa buhay natin, hindi natin mapigilang purihin ang Diyos at sabihin sa iba kung ano ang ginawa Niya. Ayon sa Mga Salmo 9:1, paano tayo dapat tumugon sa tuwing may ginagawang dakilang bagay ang Diyos sa ating paligid? Nakarinig ka na ba ng isang nakakamanghang patotoo na hindi mo mapigilang ikuwento sa iba?

## APPLICATION

- Naniniwala ka ba na kayang tugunan ni Jesus ang pinakataimtim mong mga panalangin at gawing puno ng kasiyahan ang pinakawalang pag-asa mong sitwasyon? Paano mo na haharapin ang mga problema o mahihirap na sitwasyon sa buhay mo, dala ang katotohanan ng pag-asa na mayroon tayo sa Kanya?
- Naniniwala ka ba na si Jesus ay maawain at na alam Niya ang pinagdadaanan mong masakit na bagay? Ano ang maaari mong gawin upang maging maawain rin sa iba?
- May mga kakilala ka bang tao na humaharap sa labis na kalungkutan at pagdadalamhati? Ibahagi kung paano mo mabibigyan ng lakas ng loob ang mga taong ito sa pamamagitan ng pagbabahagi ng awa at pagmamahal ng Diyos.

## PRAYER

- Ipanalangin na ang buhay mo ay maging patotoo sa kabutihan ng Diyos habang nananalig ka sa Kanya sa mga panahong tila wala ng pag-asa.
- Ipanalangin na palalimin ng Diyos ang pagkamaawain mo sa iba upang magawa mo itong ipakita sa mga tao na nangangailangan ng Kanyang pagmamahal.
- Ipanalangin na bigyan ng Diyos ng kaginhawahan ang mga taong dumaranas ng pagdadalamhati at kawalan. Ipanalangin na magkaroon ka ng pagkakataon upang ibahagi ang pagmamahal ng Diyos sa kanila.

## NOTES

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2019 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph